NATIONAL CENTER ON ELDER ABUSE
(PAMBANSANG TANGGAPAN SA PANG-AABUSO SA MATATANDA)

Mga Katotohanan Tungkol sa Pang-aabuso sa Matatanda

Ang pang-aabuso, ang pagmamaltrato o pagdudulot ng pinsala sa isang nakakatanda ay isang kawalang-katarungang kailangan nating lahat na pigilan at tugunan.

Narito ang ilang katotohanan na dapat malaman ng lahat.



- Tinatayang 1 sa 10 Amerikanong nasa edad na 60+ taon ang nakaranas ng pang-aabuso.[1]

- Hindi ganap na naiuulat ang pang-aabuso sa matatanda.

  Natagpuan sa New York State Elder Abuse Prevalence Study (Pag-aaral sa Pagkalaganap ng Pang-aabuso sa Matatanda sa Estado ng New York) na para sa bawat kaso ng pang-aabuso sa matatanda na nalalaman ng mga programa at ahensya, 23.5 ang hindi nalalaman. Sa parehong pag-aaral, sinuri nila ang iba't ibang uri ng pang-aabuso at natagpuang sa bawat kaso ng pananamantala sa pananalapi na nakarating sa mga awtoridad, 44 na kaso ang hindi naiulat. Tinatantiya sa pambansang pag-aaral sa insidente ng pang-aabuso sa matatanda na isa lamang sa 14 na kaso ng pang-aabuso sa matatanda ang nakakarating sa atensyon ng mga awtoridad.[4]

- Kapag walang makukuhang may kalidad na mga serbisyong pangkalusugan at pampubliko, higit na nanganganib ang ating populasyon sa pang-aabuso sa ating pagtanda.

- Ang epekto ng pang-aabuso sa matatanda ay nararamdaman ng mga tao anuman ang edad.

  Ang epekto ng pang-aabuso sa matatanda ay malaki para sa mga apektadong indibidwal, gayundin ang lipunan. Binabawasan ng pang-aabuso ang pakikibahagi ng matatanda sa pamumuhay sa ating mga komunidad. Lumilikha rin ito ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan at legal, na madalas na binabalikat ng mga pampublikong programa gaya ng Medicare at Medicaid, at binabawasan ang pakikibahagi ng matatanda sa pamumuhay sa komunidad.[3]

- Ang pang-aabuso sa matatanda ay nagdudulot ng bilyung-bilyong dolyar na gastos para sa mga biktima kada taon.

  Ang taunang pinansyal na pagkawala para sa mga biktima ng pananamantala sa pananalapi sa matatanda ay tinatayang $2.9 bilyon noong 2009, isang 12% pagtaas mula 2008.[5]

- Nauugnay ang pang-aabuso sa matatanda sa lumalaking antas ng pagkaka-ospital sa populasyon ng komunidad.

  Ang matatandang nakakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya ay dalawang ulit na mas malamang na maospital kaysa sa ibang matatanda.[2]

*Nasa sa **ating lahat** ang pag-iwas at pagtugon sa pang-aabuso sa matatanda!*

Ang pagpapahalaga ng ating bansa sa katarungan para sa lahat ay nag-aatas sa ating bumuo ng mga matatag na suportang tutulong sa mga tao anuman ang edad. Ang pagwawakas sa pag-iisa at pagkakahiwalay sa mga tao, paglikha at pagpapabuti ng transportasyon, tagapagpatupad ng batas, senior center at mga serbisyong panlipunan ay makakatulong sa pagpapahinto ng pang-aabuso

MGA PINAGKUNAN

1] Acierno R, Hernandez MA, Amstadter AB, Resnick HS, Steve K, Muzzy W, et al. [2010]. Prevalence and correlates of emotional, physical, sexual, and financial abuse and potential neglect in the United States: The national elder mistreatment study [Pagkalaganap at kaugnayan ng emosyonal, pisikal, sekswal, at pinansyal na pang-aabuso at potensyal na pagpapabaya sa Estados Unidos: Ang pambansang pag-aaral sa pagmamaltrato sa matatanda] American Journal of Public Health, 100[2], 292-297.

2] Dong, X., Simon, M. [2013] Elder Abuse as a Risk Factor for Hospitalization in Older Persons [Pang-aabuso sa Matatanda bilang isang Salik ng Panganib na Maospital sa Matatanda]. JAMA Intern Med. 173[10], 911–917. http://doi.org/10.1001/jamainternmed.2013.238

3] Lachs, M.S., & Pillemer, K.A. [2015] Elder abuse [Pang-aabuso sa Matatanda]. New England Journal of Medicine, 373[20], 1947-1956. http://doi.org/10.1056/NEJMra1404688

4] Lifespan of Greater Rochester, Inc., Weill Cornell Medical Center of Cornell University. & New York City Department for the Aging. [2011] Under the Radar: New York State Elder Abuse Prevalence Study [Hindi Nasusubaybayan: Pag-aaral sa Pagkalaganap ng Pang-aabuso sa Matatanda sa Estado ng New York.New York: May akda

5] National Committee for the Prevention of Elder Abuse, Virginia Tech, Metlife Mature Market Institute [2011]. The metlife study of elder financial abuse: Crimes of occasion, desperation and predation against America's elders. [Pag-aaral ng MetLife sa pinansyal na pang-aabuso sa matatanda: Mga krimen ng okasyon, desperasyon at pambibiktima laban sa matatanda sa Amerika]. Westport, CT: May akdar.

Bumisita sa amin online para sa higit pang mapagkukunan ng suporta at impormasyon!

ncea.acl.gov

Hanapin kami sa **Facebook** at **Twitter**!

NCEA
Na ional Center on Elder Abuse

Kinumpleto ang materyal na ito para sa National Center on Elder Abuse na matatagpuan sa Keck School of Medicine sa University of Southern California at sinusuportahan ang bahagi nito ng isang gawad [Blg. 90ABRC000101-02] mula sa Administration for Community Living [Pangasiwaan para sa Pamumuhay sa Komunidad], U.S. Department of Health and Human Services [DHHS, Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos]. Ang mga ginagawarang nagsasagawa ng mga proyekto sa ilalim ng pag-sponsor ng gobyerno ay hinihikayat na malayang ipahayag ang kanilang mga natuklasan at konklusyon. Samakatuwid, ang mga pananaw at opinyon ay hindi sadyang kumakatawan sa opisyal na patakaran ng ACL o DHHS. HULING REBISYON NG DOKUMENTO: DISYEMBRE 2017

Keck School of Medicine of USC